

	TAMANG SAGOT (TS) <i>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</i>	
	Circular No.	2023-0016
	Title	Guiding Principles for Integrated UHC Benefits and Provider Payment Reforms Sandbox Sites
Tanong	Sagot	
1. Ano ang layunin ng PhilHealth Circular 2023-0016?	Gabay sa implementasyon ng mga sandboxes patungkol sa mga reporma sa pagbabayad ng PhilHealth.	
2. Ano ang sandbox?	Ang sandbox ay isang paraan ng pagpapatupad ng mga makabagong polisy a ayon sa UHC Act na may karagdagang tuon at paggabay. Layunin ng mga sandboxes na makakuha ng sapat na kaalaman, karanasan, at ebidensya mula sa implementasyon, para sa pagpapabuti ng mga umiiral na polisiya.	
3. Saan ipatutupad o isasagawa ang mga sandboxes?	Ang sandbox ay isasagawa sa loob ng isang buong probinsya o siyudad (independent component city o highly urbanized city). Ito ay tinatawag na “UHC Innovation Sandbox Site” o “Sandbox”.	
4. Anong mga interventions ang sakop ng UHC Innovation Sandbox Sites?	<p>Ang mga interventions na maaaring suriin sa mga sandboxes ay ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> A. Konsulta integrated with Sustainable Development Goal (SDG) benefits. B. Comprehensive Outpatient Benefits Package (COBP). C. Standalone outpatient benefits. D. Philippine Diagnosis-related groups (Philippine DRGs). E. Prospective payment (capitation, global budget, case-based or per diem). F. Pay-for-performance schemes. G. Contracting of health care facilities and health care provider networks. H. Payment through the Special Health Fund. I. Cost sharing. 	

<p>5. Anong mga activities ang kailangang isagawa para mai-dokumento ang mga kaalaman na natutunan mula sa implementasyon ng UHC Innovation Sandbox Sites?</p>	<p>Ang mga kailangang isagawa para mai-dokumento ang mga kaalamang natutunan mula sa implementasyon ng UHC Innovation Sandbox Sites ay ang mga susunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> A. Policy Summits - ito ay konsultasyon sa mga sandbox sites kung saan ang mga polisiya ay tatalakayin. B. Community of Practice - ito ay regular na diyalogo sa pagitan ng mga sandbox sites, expert groups, at development partners para talakayin ang progress ng implementasyon at mga best practice. C. Dashboard transparency - ito ay platform kung saan ang mga sandbox sites ay regular na nagtatala at nag-uulat ng progress ng implementasyon. D. Monograph documentation - ito ay mekanismo ng pagdo-dokumento ng lahat ng activities sa sandbox sites.
<p>6. Gaano katagal ang implementasyon ng isang sandbox?</p>	<p>Ang implementasyon ng UHC Innovation Sandbox Sites ay tatagal ng isang (1) buong taon.</p>